The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church

Vol. 11 • Issue No. 6 • February 5, 2023 Php 15.00

VOICE OF THE VISION

As believers, let us walk obediently in Christ and be filled with the Holy Spirit, having a thankful and submissive spirit.



# HOW TO WALK AS *Children of God?*

Rev. Dr. James C. Sy
*Administrative Pastor*

**Ephesians 5:15-21 (NASB)**

[15]So then, be careful how you walk, not as unwise people but as wise, [16]making the most of your time, because the days are evil. [17]Therefore do not be foolish, but understand what the will of the Lord is. [18]And do not get drunk with wine, in which there is debauchery, but be filled with the Spirit, [19]speaking to one another in psalms and hymns and spiritual songs, singing and making melody with your hearts to the Lord; [20]always giving thanks for all things in the name of our Lord Jesus Christ to our God and Father; [21]and subject yourselves to one another in the fear of Christ.

## Introduction

God had already revealed His eternal plan and purpose for His church/children. Life is a walk, a path that we tread every day. God expects us to walk carefully and accurately. As His church/children, how should we conduct ourselves in a manner worthy of our calling?

**A. Our Attitude (Be careful how you walk.)**

**- Not as unwise people but as wise**

The unwise – a person who is careless and worldly-minded. Making mistakes is just the way of all human life—not concerned about giving into temptations. He thinks that he will be acceptable to God no matter what.

The wise – thoughtful and spiritually-minded. Mistakes matter to him. He struggles to make sure to follow God completely.

**Proverbs 1:7 (NKJV)**

The fear of the Lord is the beginning of knowledge, But fools despise wisdom and instruction.

**Proverbs 8:13 (NKJV)**

The fear of the Lord is to hate evil; Pride and arrogance and the evil way And the perverse mouth I hate.

**Proverbs 9:10 (NKJV)**

"The fear of the Lord is the beginning of wisdom, And the knowledge of the Holy One is understanding."

**- Making the most of your time**

Time is a gift that cannot be undone. The idea is not to buy time or to make time but to use time for things with value. Use your time to take advantage of the opportunities to serve God. (Time is short.)

Opportunities: To witness, to show diligence, to love, to minister, to pray, to give, etc.

**1 Corinthians 7:29-31 (NKJV)**

[29]But this I say, brethren, the time is short, so that from now on even those who have wives should be as though they had none, [30]those who weep as though they did not weep, those who rejoice as though they did not rejoice, those who buy as though they did not possess, [31]and those who use this world as not misusing it. For the form of this world is passing away.

**Colossians 4:5-6 (NKJV)**

[5]Walk in wisdom toward those who are outside, redeeming the time. [6]Let your speech always be with grace, seasoned with salt, that you may know how you ought to answer each one.

**B. Our Values (Do not be foolish, but understand what the will of the Lord is.)**

The wise understands (perceive, comprehend) God's will. It is the believer's only weapon to defeat the "evil days".

**- Know God's Word by heart**

**Psalm 119:11 (NKJV)**

Your word I have hidden in my heart, that I might not sin against You.

**- Sensitive to the Holy Spirit**

**Psalm 143:10 (NKJV)**

Teach me to do Your will, For You are my God; Your Spirit is good. Lead me in the land of uprightness.

**John 16:13 (NKJV)**

However, when He, the Spirit of truth, has come, He will guide you into all truth; for He will not speak on His own authority, but whatever He hears He will speak; and He will tell you things to come.

*continue on page 8 >>*

## SEND ME BACK SUNDAY









Sa pangunguna ng Praise and Worship Team, sama-samang nag-aalay ng papuri ang bawat isa sa Panginoon.







UCF ANNIVERSARY FEATURE

# Pagdiriwang ng katapatan ng Diyos

**Karangalan at papuri sa Ngalan ng Panginoon dahil ngayong buwan ng Pebrero ay gugunitain na ang ika-36 na anibersaryo ng UCF.**

**Isang taon muli ang ipinagkaloob ng Diyos upang malugod na ipagdiwang ng Kaniyang mga anak ang ipinamalas Niyang wagas na katapatan, pag-ibig at pagpapala sa bawat isa at higit lalo sa panambahang Kaniyang tinawag sa loob ng tatlumpu't anim na taon. Ngayon, patunay muli na ang pagkilos ng Panginoon sa UCF ay buhay dahil sa katatagan nitong magpatuloy na maisagawa ang mga gawain sa ministeryo at tawag ng Diyos sa paglilingkod.**






Kinagigiliwan ng bawat dumadalo ang mga presentasyong handog ng mga miyembro at manggagawa ng UCF.













**Psalm 100:1-3 (NKJV)**

1Make a joyful shout to the Lord, all you lands! 2Serve the Lord with gladness; Come before His presence with singing. 3Know that the Lord, He is God; It is He who has made us, and not we ourselves; We are His people and the sheep of His pasture.












*Isa sa mga kinasasabikan ng bawat isa sa selebrasyong ito ay ang mga audio visual presentation (AVP) na naglalaman ng mga nakaaantig at mahahalagang pangyayaring naging kasaysayan ng UCF.*




*Ang photobooth area ay malayang nagagamit ng mga bisita upang sila ay makuhanan ng magagandang litrato kasama ang kanilang mga mahal sa buhay bilang alaala sa masayang selebrasyong ito.*






























*Tuwing anibersaryo ay hindi mawawala ang masasarap na putahe na inihahanda para sa mga dadalo. Masaya ang pagbati at pagtanggap ng kapatiran sa bawat pamilya at kaibigang pumupunta sa espesyal na okasyong ito.*

**21 DAYS**

**left before the UCF 36th Anniversary**

**JOIN US AS WE CELEBRATE GOD'S FAITHFULNESS TO OUR CHURCH THROUGH THE YEARS!**

**SCAN THIS QR CODE TO REGISTER**

4Enter into His gates with thanksgiving, And into His courts with praise. Be thankful to Him, and bless His name. 5For the Lord is good; His mercy is everlasting, And His truth endures to all generations.

**Psalm 100:4-5 (NKJV)**





# PAGSAKATUPARAN NG PANGITAIN













Bahagi ng pangitaing ibinigay ng Panginoon sa ating Punong Pastor na si Rev. Dr. William Sy ay ang pagtatag ng UCF *Group of Ministries* na magiging daan upang matupad ang kabuuang pangitain ng panambahan para sa kaluwalhatian ng Panginoon.

Taong 2010 nang ipakita ng Panginoon kay Rev. Dr. Sy ang isang pangitain patungkol sa UCF *Group of Ministries* sa pamamagitan ng inspirasyon na nanggaling sa Panginoon. Ang UCF *Group of Ministries* ay mayroong tungkulin na maisakatuparan ang kabuuang pangitain at tawag ng Diyos sa ating panambahan—ang magtayo ng mga ministeryong maghahayag ng Salita ng Diyos at aakay sa mga nawawalang kaluluwa sa Kaharian ng Diyos.

Bilang kabuuan, ang UCF ay binubuo ng sampung mga ministeryo kung saan pito sa mga ito ay kasalukuyang naitatag na at nagagamit bilang daan para maabot ang mga naghahanap sa Panginoon. Sa nakalipas na 36 na taon ay naitatag at mas napaunlad ng Diyos ang ilan sa UCF *Group of Ministries*. Isa na rito ang *United Christian Academy* (UCA) na nagsisilbing pintuan para sa mga kabataang tinawag din ng Diyos sa Kaniyang kaharian.

Noong 1992, isang pangitain ang ipinagkaloob ng Panginoon kay Rev. Dr. Sy kung saan makukulay na salamin mula sa iba't ibang direksyon na tila'y naghugis libro na mayroong iba't ibang kulay at anyo ang kaniyang nakita. Dahil dito, buong akala ni Rev. Dr. Sy na isang *Bible school* ang ipinapatayo sa kaniya ng Panginoon. Taong 1993 noong magsimula ang unang batch ng *Bible Training School* na may hangaring humubog ng mga manggagawa para sa ubasan ng Diyos.

Matapos ang dalawang taon, panandalian itong natigil dahil muling nangusap ang Panginoon kay Rev. Dr. Sy at mas malinaw na mensahe ang hatid ng Diyos—ang magtayo ng isang *academic school*, ang UCA. Kaya naman agad na sinimulan ni Rev. Dr. Sy na itayo ang UCA sa kaniyang munting tahanan kasama ang iilang mga guro noong 1997. Nagsimula man sa maliit, ngunit dahil sa pananampalataya at pagsunod ni Rev. Dr. Sy sa kalooban ng Panginoon, unti-unti itong lumago. Kasabay ng pagdami ng mga mag-aaral ng paaralan ay ang pagdami ng kabataang nakakilala at nakasumpong sa Panginoon. Mas ipinamalas pa ng Panginoon ang Kaniyang katapatan sa Kaniyang ministeryo sa taong 2018 noong umabot sa higit isang libo ang mga mag-aaral ng UCA.

Taong 2008 naman nang muling binuksan ang UCF *Bible Training Center* at ito ay pinangalanang UCF *Theological Seminary* sa pangunguna ni Rev. Dr. Sy. Nagpatuloy ang UCFTS sa pagsasanay ng mga manggagawa ng panambahang buong pusong nagdesisyon na sumunod sa plano ng Panginoon sa kanilang buhay. Dahil sa pagpapagal ni Rev. Dr. Sy, ilang mga manggagawa na ang ginagamit ng Diyos sa Kaniyang ubasan.













**Psalm 34:1-3 (NKJV)**

[1]I will bless the Lord at all times; His praise shall continually be in my mouth. [2]My soul shall make its boast in the Lord; The humble shall hear of it and be glad. [3]Oh, magnify the Lord with me, And let us exalt His name together.

# PAKIKIISA SA KALAGUAN NG MINISTERYO

Makalipas ang matagumpay na gawain ng *Bible Race*, patuloy ang mga gawaing pagsasaayos at pagpapaganda sa UCF Mt. Tabor *Church Re-Creation Center*.

Walang tigil ang mga manggagawa ng panambahan sa pagganap sa kanilang mga nakaatang na tungkulin nang sila ay nagdesisyong makiisa sa mga gawain sa Mt. Tabor. Sa kalakasang nagmumula sa Diyos at kanilang puso na handang maglingkod, ang mga manggagawa ay nagiging kagamit-gamit para sa Kaniyang ministeryo upang ang mga tao ay maaaring makaranas ng kapahingahang pisikal at espirituwal. Kaya naman pabago-bago man ang panahon, hindi ito naging hadlang upang kanilang maisagawa ang mga gawain.

Tunay na kaabang-abang ang pagtatapos ng mga pasilidad na itinatayo sa kasalukuyan at pagtubo ng mga pananim na inaalagaan ng mga manggagawa para sa kapakinabangan ng gawain ng Diyos. Purihin ang Panginoon para sa Kaniyang pagsama sa mga anak Niyang tumugon sa tawag ng paglilingkod.



## Konstruksiyon ng cabin

Ang loob ng apat na *mini hotel cabin* ay sinimulan nang gawan ng mga hagdan papuntang ikalawang palapag na gagawing kuwarto. Ang ibabang palapag naman ay magsisilbing sala nito. Tulong-tulong ang kalalakihan sa konstruksyon at siniguro nila na matibay at ligtas ang kanilang gawa.

## Pagtanim ng mga pinya

Ang mga *in-house trainee worker* ay buong lakas na nagtanim ng mahigit 1,000 pinya sa kabuuan ng Mt. Tabor. Iilan lamang sila ngunit dahil sa pagsama ng Diyos, kanilang maayos na naitanim ang mga ito at ang Diyos naman ang Siyang magpapatubo. Pagkatubo ng mga pananim, ang mga maaani rito ay ipagbibili upang mapagkunan ng pangangailangan ng mga manggagawa at ng Mt Tabor.



# MINISTRY UPDATE





## Paggawa ng parking area

Ang bakanteng lote malapit sa bagong *gazebo* ay tinayuan ng pader na magsisilbing bakod ng bagong *parking area* upang mas marami pang sasakyan ang maaaring maiparada sa lugar.



## HAPPENING NOW!

The UCF Theological Seminary (UCFTS) will be conducting its Recognition Rites today at the UCF Sanctuary after the Sunday Worship Service. Join us in witnessing and supporting the UCFTS students in this special day.

[4]I sought the Lord, and He heard me, And delivered me from all my fears. [5]They looked to Him and were radiant, And their faces were not ashamed. [6]This poor man cried out, and the Lord heard him, And saved him out of all his troubles.

**Psalm 34:4-6 (NKJV)**



# BAGONG BUHAY SA PILING NG DIYOS

Ang mga kaluluwang bagong nakakilala at tumanggap kay Hesus bilang Panginoon at kanilang Tagapagligtas ay buong pusong tinanggap ang regalong kaligtasan. Linggo, Enero 29, ay kanilang tinanggap ang kanilang *water baptism certificate* sa harap ng kapatiran.

Isang bagong buhay na ganap at kasiya-siya ang naghihintay sa bawat isang magpapatuloy sa pag-alam ng kalooban ng Diyos sa kanilang mga buhay. Bilang simula ng kanilang pagsunod sa tawag ng Diyos ay mainit na binati sila ng mga miyembro at manggagawa ng UCF. Kasama ang kapatiran, sila ay hahakbang din sa mas malawak pang plano ng Panginoon at malayang makasusunod sa Kaniyang gawain.

Tunay na ang Diyos ang tumatawag sa Kaniyang mga tupa. Purihin ang Diyos sa pangitain at misyong Kaniyang ibinigay sa UCF at nagiging daan ito upang maihayag ang Mabuting Balita at Kaniyang kadakilaan!

# GOOD NEWS

# UCA TEACHER PASSES BOARD, TAKES OATH







Glory to the Almighty God for He gives us the victory! UCA teacher-worker Mrs. Imee Gorobat passed the Licensure Examination for Teachers (LET) last October 2, 2022 and attended the Oathtaking Ceremony at the Philippine International Convention Center (PICC) last January 29, Sunday.

After graduating at the Pangasinan State University—Open University System (PSU-OUS) with her Bachelor Degree in Secondary Education together with the other church workers last 2018, she is now a Licensed Professional Teacher (LPT). And in the coming years, UCF will produce its own teacher-workers through UCACOA.

Praise the Lord for this achievement that He has given and for the abundant future that awaits all the educational ministries of UCF!

# BUNGANG ALAY SA GAWAIN NG MINISTERYO

Natapos na ang buwan ng Enero. Marka rin ito ng pagtatapos ng pagbibigay ng *first fruit* at ang mga tapat na manggagawa at miyembro ng panambahan ay nag-alay ng kanilang unang bunga bilang pagtatanim sa paparating na mga gawain ng Diyos.

Katulad ng dati, ang *first fruit* ay inilalaan para sa mga gawain ng ministeryo at mga kagamitang magiging kapaki-pakinabang sa pagpapahayag ng Salita ng Diyos. Para sa gawain ng panambahan ng UCF upang maipalaganap ang Mabuting Balita sa Pilipinas at sa iba't ibang dako ng mundo *online* man o *face-to-face*, pinaglaanan ng nalikom na *first fruit* ang mga *technical equipment* na kailangan.

Purihin ang Diyos sa biyayang ito na magiging mas kagamit-gamit sa Kaniyang gawain!


UNINTERRUPTED POWER SUPPLY


MONITOR SPEAKER

**Psalm 34:7-9 (NKJV)**

7 The angel of the Lord encamps all around those who fear Him, And delivers them. 8 Oh, taste and see that the Lord is good; Blessed is the man who trusts in Him! 9 Oh, fear the Lord, you His saints! There is no want to those who fear Him.

# Sunday Worship Service HIGHLIGHTS

Every time you do good to your fellowmen, it is honoring God.


Makikilala mo ang mga lingkod ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mabubuting gawa. Sila ay nagbubunga ng mga mabubuting gawa.

Sa anomang sitwasyon, kapag inuna natin ang Diyos, uunahin tayo ng Diyos. Anomang daing ay tutulungan tayo ng Diyos.

Bibliya ang sundan natin at hindi ang relihiyon.

If you put God first in your life, then everything follows.

Sa lahat ng oras ay naaalala ka ng Panginoon. Iniingatan at inililigtas ka Niya sa maraming pagkakataon.




# UPCOMING 2023 PROGRAMS

**FEBRUARY 26**




**APRIL 29 - MAY 1**




**OCTOBER 6**




**OCT 30 - NOV 1**




**DECEMBER 17**




# WHY READ THE BOOK OF LUKE?




Book of Luke is written by one of Jesus' disciples, Luke. His narrative contains the birth of Christ up to His death. This book includes several accounts of the nature of Jesus, His ministry of healing, His teachings and sermons through parables, His death, and even His resurrection.

Through Jesus' ministry, He showed that He came to seek and save the lost. One of the significant encounters in this book is when Jesus defends Zacchaeus who already repented but was continuously dismissed by the Pharisees and the scribes (Luke 15:1–32). Jesus defends him by saying, "Just so, I tell you, there will be more joy in heaven over one sinner who repents than over ninety-nine righteous persons who need no repentance." It can be read in the book repeatedly that God's kingdom exalts the humble and brings down the proud (Luke 1:51–53; 14:7–14; 18:9–14). Truly, salvation is not by our own works but by the grace of God and through the faith that we have in Christ Jesus (Ephesians 2:8).

## WORD MATCH

Choose the correct answer from the choices below. You can also open your Bible to help you find the answers. The first one to answer correctly will get a free copy of VOV next issue. Present your VOV copy to Sis. Aira Tolentino.

________ **1.** What did Joseph say to his brothers that they will give to Pharoah?

________ **2.** Who made Joseph ruler over the land of Egypt?

________ **3.** What did Pharaoh say that he would give to Joseph's brothers?

________ **4.** Where did the Israel go when God reminded them not to fear for He is their God and He will make them a great nation?

________ **5.** In which land did Joseph's family settle?

________ **6.** What occupation did Joseph taught his brothers to tell Pharaoh in Genesis 46:34?

________ **7.** What did Joseph give the Egyptians in exchange for their livestock?

________ **8.** What was Joseph's interpretation of Pharaoh's dream?

**A.** 1/5 of their harvest  **D.** The best land in Egypt  **F.** Egypt
**B.** keepers of livestock  **E.** Land of Goshen  **G.** Pharaoh
**C.** Seven years of abundance and seven years of famine  **H.** Food

[10]The young lions lack and suffer hunger; But those who seek the Lord shall not lack any good thing. [11]Come, you children, listen to me; I will teach you the fear of the Lord. [12]Who is the man who desires life, And loves many days, that he may see good?

**Psalm 34:10-12 (NKJV)**

## How to walk as...

›› *from page 1*

**C. Our Acts**

**1 Corinthians 6:9-10 (NKJV)**

[9]Do you not know that the unrighteous will not inherit the kingdom of God? Do not be deceived. Neither fornicators, nor idolaters, nor adulterers, nor homosexuals, nor sodomites, [10]nor thieves, nor covetous, nor drunkards, nor revilers, nor extortioners will inherit the kingdom of God.

- **Do not get drunk with wine, but be filled with the Spirit (when in private).**

**2 Timothy 1:7 (NKJV)**

For God has not given us a spirit of fear, but of power and of love and of a sound mind.

- **Speaking to one another in psalms and hymns and spiritual songs (when in gatherings)**
- **Always giving thanks for all things in the Name of our Lord Jesus Christ to our God and Father (when in public)**

Singing praises is both vertical and horizontal.

**1 Corinthians 14:15-17 (NKJV)**

[15]What is the conclusion then? I will pray with the spirit, and I will also pray with the understanding. I will sing with the spirit, and I will also sing with the understanding. [16]Otherwise, if you bless with the spirit, how will he who occupies the place of the uninformed say "Amen" at your giving of thanks, since he does not understand what you say? [17]For you indeed give thanks well, but the other is not edified.

- **Subject yourselves to one another in the fear of Christ.**

**Philippians 2:1-4 (NKJV)**

[1]Therefore if there is any consolation in Christ, if any comfort of love, if any fellowship of the Spirit, if any affection and mercy, [2]fulfill my joy by being like-minded, having the same love, being of one accord, of one mind. [3]Let nothing be done through selfish ambition or conceit, but in lowliness of mind let each esteem others better than himself. [4]Let each of you look out not only for his own interests, but also for the interests of others.

**Challenge**

We are to constantly be filled with the Spirit. We are to be conscious of His presence, His leading. We need to choose to walk obediently to Christ. The Lord's presence are given to believers who receive the commandment of Christ and keep them.

**John 14:21 (NKJV)**

He who has My commandments and keeps them, it is he who loves Me. And he who loves Me will be loved by My Father, and I will love him and manifest Myself to him.

Three traits of a Spirit-filled person
- Has a singing spirit
- Has a thankful spirit
- Has a submissive and respectful spirit

## SERMON NOTES

**Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.**

**What is God's message for you through the sermon?**


YouTube

Facebook

Scan these QR codes to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services

SHARE HIS WORD



For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replay of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.

Facebook @UCFOfficial

Instagram @UCF_Official

Twitter @UCFOfficial1

YouTube @UCFOfficial

Please follow health and safety protocols during on-site services.

use hand sanitizer

SOCIAL DISTANCING

WEEKLY SCHEDULE

SUNDAY WORSHIP SERVICE
Sundays at 9:00AM
On-site and online services on Facebook and YouTube

DAILY PRAYER
6:00 PM

★ UCF GROUP OF MINISTRIES ★

CONTACT US

UCF WORSHIP CENTER
#17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

TELEPHONE
8429-8325